1633 VALENCIA STREET

Isang Bagong Komunidad na Permanenteng Sumusuporta at Abot-kaya

HULYO 2023

1633 VALENCIA ST. SAN FRANCISCO, CA 94110

URI NG ARI-ARIAN
Permanenteng Sumusuporta

BILANG NG UNIT
145

Sa pakikipagtulungan ng San Francisco Housing Accelerator Fund (HAF) at Dolores Street Community Services (DSCS), ang Mercy Housing California (MHC) ay nagmumungkahing magtayo ng hanggang 145 na bagong tahanan para sa mga taong nakakaranas, o nasa panganib na mawalan ng tirahan sa San Francisco.

Noong 2019, nakipagsosyo ang HAF sa MHC para bumuo ng unang “Homes for the Homeless” na permanenteng sumusuportang pabahay sa 833 Bryant Street sa SoMa. Binawasan ng proyekto ang oras at gastos sa paggawa ng pabahay sa pamamagitan ng paggamit ng mga pinasimpleng proseso ng entitlement, malikhaing pagpopondo, bagong teknolohiya, at disenyo. Ang HAF at MHC ay muling nakikipagsosyo sa 1633 Valencia para magbigay ng mga tahanan para sa mga nasa ating komunidad na kasalukuyang walang tirahan.

Ang Sequoia Living, isang lokal na non-profit na provider ng pabahay para sa senior at assisted living, ay nakakuha ng isang ektaryang parsela ng lupa na matatagpuan sa kapitbahayan ng Mission-Bernal noong taglamig ng 2022. May pagkakataon na ngayon ang MHC na magtayo sa ilang bahagi ng site para sa isang bagong pabahay sa komunidad na permanenteng sumusuporta. Sa kabilang kalahati ng site, ang Sequoia Living ay nagmumungkahi na magtayo ng abot-kayang komunidad ng pabahay na may 125-unit para sa mga senior. Ang 1633 Valencia ay matatagpuan sa timog-silangang kanto ng Cesar Chavez at Valencia Street. Gamit ang 833 Bryant bilang isang modelo para sa batayan ng disenyo, gastos sa bawat unit, at pinabilis na iskedyul ng pagpapatayo, ang 1633 Valencia ay inaasahang magiging isang anim na palapag na gusali na may 145 abot-kayang studio apartment na magagamit ng mga sambahayang may mababang kita na nasa 30-60% ng range ng AMI (Area Median Income) ng MOHCD (Mayor’s Office of Housing and Community Development). Magtatampok ang gusali ng mga pangkomunidad at mga bukas na espasyo para magamit bilang tirahan, pati na rin ng property management sa ground floor at mga opisinang panserbisyo.
Nilalayon ng MHC, DSCS, at HAF na bumuo ng isang magiliw na komunidad para sa mga residente ng 1633 Valencia.

CONTACT

Jazzman Parks Cardona
she/her
Director of Strategic Projects, Dolores Street Community Services jazzman@dscs.org
628.266.5096

Clare Murphy *she/her*
Project Developer, Mercy Housing
cmurphy@mercyhousing.org
415.355.7127

Clare Murphy *she/her*
Vice President of Lending, Housing Accelerator Fund
dneary@sfhaf.org
203.667.7738

WEBSITE
1633valencia.org

PANGAKO SA KOMUNIDAD

Ang MHC, DSCS, at HAF ay nakatuon sa isang matatag at makabuluhang proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad. Isinasama namin ang mga miyembro ng komunidad sa proseso ng pagbuo sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang pakikipag-meeting sa mga kapitbahay, mga asosasyon ng kapitbahayan, mga lokal na pinuno, at mga lokal na organisasyon ng BIPOC at LGBTQ+, pati na rin ang pagbabahagi ng mga nakasulat at elektronikong komunikasyon. Bilang pagsunod sa mga alituntunin sa kalusugan na nauugnay sa COVID-19, hihingi ang MHC ng input sa pamamagitan ng parehong virtual at personal na meeting, email, regular na koreo, at proyektong website na **1633valencia.org**.

DOLORES STREET COMMUNITY SERVICES

Ang Dolores Street Community Services ay nangangalaga sa mga indibidwal na kapakanan at naglilinang ng kolektibong kapangyarihan sa mga komunidad na mababa ang kita at imigrante upang lumikha ng isang mas makatarungang lipunan. Bilang isang organisasyong maraming isyu at maraming stratehiya, nagbibigay kami ng mga solusyon sa mga pinaka-marginalized, kabilang ang mga pamilya, mga nabubuhay na may HIV/AIDS, mga indibidwal na hindi dokumentado, at kamakailan lang, mga kabataan na nasa edad ng transisyon. Nagtutulungan tayo upang tugunan ang kawalan ng tirahan, kakulangan ng abot-kayang pabahay, at suportahan ang mga karapatan ng imigrante upang matugunan ang mga kumplikadong pangangailangan ng ating mga komunidad na Mission at Latinx at sama-samang tugunan ang mga ugat ng pagdurusa at kawalan ng katarungan.

Ngayon, inilalapat ng DSCS ang mga pamamaraang naaangkop sa kultura at nakakapagpahilom sa trauma sa lahat ng 10 sa kanilang mga programa sa pabahay at tirahan.

HOUSING ACCELERATOR FUND

Ang misyon ng Housing Accelerator Fund ay mamuhunan sa pangangalaga at pagpapalawak ng de-kalidad na abot-kayang pabahay at mga pasilidad ng komunidad. Pinapabilis ng HAF ang paggawa at pangangalaga ng abot-kayang pabahay para sa mga sambahayan, indibidwal, at komunidad ng Canada na kapos sa pananalapi sa pamamagitan ng pagpapautang, pamumuhunan, at direktang pagkuha ng mga ari-ariang real estate. Mula nang ilunsad ito noong 2017, ang HAF ay namuhunan ng $350+ milyon
upang pondohan ang pangangalaga at paggawa ng higit sa 1,750 abot-kayang mga tahanan sa San Francisco. Nakatuon ang HAF sa pagbuo ng mga mahuhusay na diskarte at estratehikong pakikipagsosyo upang higit pang mapabilis ang paggawa at pangangalaga ng abot-kayang pabahay.

Ang HAF ay bumuo ng pakikipagsosyo sa Tipping Point upang ilunsad ang Homes for the Homeless Fund. Ang Fund ay may dalawang layunin: magtayo ng sumusuportang pabahay nang mas mabilis at mas matipid kaysa sa kasalukuyang pamantayan.

MERCY HOUSING CALIFORNIA

Ang Mercy Housing California ay isang nonprofit na organisasyon ng abot-kayang pabahay na nakabase sa California na may misyong lumikha at palakasin ang malusog na komunidad. Mula noong 1981, ang MHC ay bumubuo at nangangalaga ng abot-kayang pabahay para sa mga taga-California sa buong estado. Ngayon, ang MHC ay nagmamay-ari at namamahala sa mahigit sa 155 na komunidad sa buong estado na naglilingkod sa higit sa 19,600 na mga residenteng may mababa at napakababang kita. Ang Mercy Housing Management Group na isang subsidiary ng Mercy Housing, ang magiging ahente ng pamamahala para sa ari-arian at ito ay nakatuon sa pagbibigay ng de-kalidad na mga serbisyo sa pamamahala ng ari-arian na nagpapatibay
sa pilosopiya na ang lahat ng mga residente ay may karapatan sa paggalang, dignidad, at isang lugar na matatawag na tahanan.